



## PAUNAWA SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Mayo 4, 2021

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann, 415.760.0285

## Air District, magho-host ng pampublikong workshop tungkol sa mga susog sa regulasyon sa pagpapahintulot

**SAN FRANCISCO** – Ang mga tauhan ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ay magho-host ng pampublikong workshop para maglahad, tumalakay, at tumanggap ng mga komento tungkol sa mga posibleng konsepto sa pagsusog sa Regulasyon 2: Mga Permit, para maprotektahan ang mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon sa hangin.

Susuriin ulit ng Air District ang programa nito sa pagpapahintulot para matiyak na ang mga komunidad na pinakaapektado ng hindi magandang kalidad ng hangin at mga kahinaan sa kalusugan ay mas mapoprotektahan mula sa mga pinagmumulan ng polusyon sa hangin. Sa pampublikong workshop, ang staff ng Air District ay magbibigay ng pampangasiwaang pangkalahatang-ideya ng mga programa sa pagpapahintulot, at maglalahad ng mga posibleng konsepto para masusugan ang ilang partikular na panuntunan sa regulasyon. Ang workshop ay magsisilbing forum para makapagbigay ang mga kalahok sa workshop ng feedback sa mga staff tungkol sa mga tinalakay na paksa.

Ipe-present ang workshop na ito gamit ang Zoom. Ipo-post ang mga materyal ng workshop sa [webpage ng Regulasyon 2 Mga Susog](#) ng Air District.

**ANO:** Tatalakayin ang mga posibleng opsyon para mapahusay ang regulasyon sa pagpapahintulot, para makapagbigay ng mga karagdagang pampangasiwaang proteksyon sa mga pinakaapektadong komunidad.

**SINO:** Bay Area Air Quality Management District

**KAILAN:** Miyerkules, Mayo 12, 6 – 8 p.m.

**SAAN:** Para sumali sa pamamagitan ng web browser:

<https://us02web.zoom.us/j/81476946686>

Para sumali sa pamamagitan ng telepono: +1 669 900 6833

Meeting ID: 814 7694 6686

Para sa pagsasalin ng wika, makipag-ugnayan kay Aneesh Rana sa [arana@baaqmd.gov](mailto:arana@baaqmd.gov) o sa 415-749-4914 sa loob ng hindi bababa sa 72 oras bago ang workshop.

- Para información en español, llame al 415-749-4609
- 中文聯絡電話 415-749-4609
- Nói Tiếng Việt xin gọi 415-749-4609.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

# # #

---

*Air District Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)